# SULONG!

Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

www.cardmri.com | Tomo 3 Bilang 2 | Abril-Hunyo 2016


# CMDI, nagbukas ng Senior High School

ni **ARACELI REAS**

**Nagbukas ang CARD-MRI Development Institute (CMDI), Inc., isang kasaping institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), ng *Senior High School* noong ika-13 ng Hunyo sa dalawang kampus nito sa Bay, Laguna at Tagum City, Davao del Norte.**

"Tumugon ang CMDI sa hamon ng Department of Education (DepEd) na magbukas ng *Senior High School* dahil gusto naming matulungan ang mga bata na nais magkaroon ng pagkakataong makapag-aral ng *Senior High School*," sinabi ni Vice President for Academic

▸ 3



*Kasabay ng pagbubukas ng klase sa buong bansa, binuksan din ng CMDI ang Senior High School nito sa CMDI Bay Campus sa Laguna at Tagum City Campus sa Davao del Norte. Ang nasa larawan ay ang mga executive committee member at kawani ng CARD MRI at ang unang pangkat ng mga estudyante ng CMDI na nasa Grade 11.*


**EDUKASYON**

Pagbulas V sa Mindanao ▸ 3



**PANGKABUHAYAN**

Mga Likha ni Inay Summit sa Cagayan de Oro ▸ 6



**KALUSUGAN**

Community Health Fairs ▸ 7




# Mga kliyente ng CARD, sumahimpapawid sa radyo

ni **JEFF TANDINGAN**



*Dumalo ang ilan sa mga kliyente ng CARD MRI sa programang K2D2 sa radyo upang mas maipakilala ang kanilang produkto at serbisyo sa publiko.*

Nabigyan ng pagkakataong sumahimpapawid sa radyo ang mga kliyente ng CARD MRI upang ibahagi at ipakilala ang kanilang mga produkto.

Sa pakikipagtulungan ng Philippine News Agency (PNA) CALABARZON na siyang katuwang na midya ng CARD MRI mula noong 2013, naimbitahan ang mga kliyente ng CARD MRI mula sa iba't ibang bahagi ng bansa sa programang Kapihan, Kasiyahan, Diskusyunan, Dedikasyunan (K2D2) sa isang himpilan ng radyo sa Calamba, Laguna bilang mga panauhin.

"Ang layunin natin ay hindi lamang matulungan ang ating mga kliyente sa pamamagitan ng serbisyong pinansiyal kundi maging sa pagpapakilala ng kanilang mga negosyo, produkto, at mga serbisyo. Nakikipag-ugnayan tayo sa mga lokal at pambansang midya upang tulungan ang ating mga kliyente na mas maipakilala ang kanilang negosyo sa mas malawak na merkado," wika ni CARD MRI Founder and Managing Director Dr. Jaime Aristotle B. Alip.

Ang paksang pangnegosyo at pangkabuhayan ng programang K2D2, na sumasahimpapawid tuwing Miyerkules, ay naglalayong magbigay inspirasyon at pukawin ang mga nagnanais maging *microentrepreneurs* sa pamamagitan ng mga kuwentong ibinabahagi ng mga panauhin. Ilang *microentrepreneurs* ng CARD MRI ang naimbitahan na sa programa upang maibahagi ang kanilang karanasan sa negosyo at kung paano sila natulungan ng CARD na makamit ang kanilang mga pangarap.

"Nagpapasalamat ako na nabigyan ng pagkakataong magbahagi at magbigay inspirasyon sa mga tagapakinig. Nakatulong din ito upang maipakilala ko ang aking negosyo," ani Victoria de Torres ng Bay, Laguna. Si Victoria ay

▸ 5

# Ika-71 sangay ng CARD Bank, binuksan sa Boracay

ni **CLEOFE FIGURACION**



*Binuksan ang ika-71 sangay ng CARD Bank sa Visayas na pinangunahan nina Marivic Austria, Lorenza Bañez at Lourdes Dijan ang presidente, bise presidente at senior vice president for finance ng CARD Bank.*

Binuksan ng CARD Bank, Inc., isang *microfinance-oriented rural bank,* ang ika-71 sangay nito sa Boracay noong Mayo 23, 2016 upang magbigay nang mas malawak na serbisyong pambangko sa mga residente dito.

"Hindi ito ang unang pagkakataong nagkaroon ng presensya ang CARD Bank sa Boracay. Katunayan, mayroon ng micro banking office (MBO) ang CARD Bank dito mula pa 2007 na siyang tumutugon sa mga pangangailangang *microfinance* ng mga taga rito," pahayag ni Gng. Marivic Austria, ang Presidente at CEO ng CARD Bank. Dagdag pa niya, ang bangko ay magbibigay pa nang mas malawak na sebisyong pambangko. Pangako niya na bukod sa mga serbisyong pinansiyal, komprehensibong serbisyong pangkomunidad ang ibibigay ng CARD Bank kabalikat ang iba pang miyembrong institusyon ng CARD MRI para sa lahat ng mga miyembro nito sa Boracay at mga karatig-bayan.

Ang paglalapit ng mga serbisyong pambangko ng CARD Bank sa mga *microentrepreneur* at mga residente ng Boracay ay naaayon sa misyon nitong gawing kapwa may-ari ng bangko ang pamilyang Pilipino.

Ayon kay Dr. Dolores Torres, Senior Adviser at Vice Chairperson ng CARD Bank, "Ang mga residente rito sa Boracay ay mabibigyan na nang mas maraming oportunidad na maging *stockholder* ng CARD Bank dahil mas malapit na ang bangko sa kanila." Dagdag pa

▸ 5

# CARD MBA, nanguna sa industriya ng microinsurance sa pagbabahagi ng karagdagang benepisyo sa mga miyembro nito

ni **JEFF TANDINGAN**

Ibinabahagi ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) sa mga miyembro nito ang bunga nang mahusay na operasyon sa pamamagitan ng *Experience Refund* at *Loyalty Reward.* Ang CARD MBA ang kauna-unahang *microinsurance* MBA sa buong bansa na nagbibigay ng benepisyong ito.

Ayon sa *Section 408* ng *Insurance Code*, ang mga Mutual Benefit Associations (MBA) ay dapat magpanatili ng *free* at *unassigned surplus* na hindi lalampas sa 20% ng kabuuang *liabilities* nito. Ayon kay CARD MBA General Manager May Dawat, "Isa itong paraan ng pasasalamat sa patuloy na pagtitiwala at pagtangkilik ng milyon-milyong kliyente na nanatili sa atin sa loob ng maraming taon." Dagdag pa niya, ang CARD MBA ay isang *transparent* na institusyong may layunin na tapusin ang kahirapan sa bansa.

Ang mga kliyente ng CARD, Inc., CARD Bank, CARD SME Bank, at Rizal Bank, Inc. – ang apat na *financial institutions* ng CARD MRI – ay awtomatikong nakatala bilang miyembro ng CARD MBA. Sa mas mahabang panahon ng pagiging kabahagi ng CARD MBA, mas maraming benepisyo ang matatanggap ng mga miyembro. Ang mga aktibong miyembro na kinilala ng asosasyon bago pa mag Disyembre 31, 2014 ay kwalipikadong makatanggap ng *Experience*

▸ 8

# Mga Natatanging Kawani ng CARD MRI, pinarangalan!

ni **RICA MAY DE CHAVEZ**




Kinilala ang mga bagong Natatanging Kawani 2015 ng CARD MRI na nagpamalas ng husay at determinasyon upang suportahan ang CARD MRI sa misyon nitong sugpuin ang kahirapan sa bansa.

Ang nagwaging Natatanging Kawani Gold sa *Account Officer Category* ay si Jemson S. Fatallar ng CARD Bank, Inc. (Bansud 2 Unit) samantalang si Cherie Pie A. Gundaya ng CARD, Inc. (Salay Unit) naman ang nagwagi sa *Admin/Support Staff Category.* Kinilalang Natatanging Kawani Silver si Shellah O. Rivas ng CARD SME Bank, Inc. (Calaca A Unit) at Natatanging Kawani Bronze si Gay C. Asuncion ng CARD SME Bank, Inc. (Rosario B Unit). Nakatanggap ng *cash prizes, all-expense paid trip for three, gift certificates* mula sa Mga Likha ni Inay at BotiCARD at plake ng pagkilala ang bawat natatanging kawani.

Pinarangalan din ang mga Natatanging Kawani ng ikalawang sangkapat ng 2015. Ang mga nagwagi sa *Account Officer Category* ay sina Jemson S. Fatallar ng Bansud 2 Unit (unang pwesto); Joymarie G. Repaso ng Lucena 6 Unit (ikalawang pwesto); Angel H. Alfeche ng Iligan 2 Unit at Jonathan Y. Cruz ng Pag-asa 2 Unit (ikatlong pwesto). Samantalang si Cherie Pie A. Gundaya ng Salay Unit naman ang nagwagi sa *Admin/ Support Staff Category.* Ang bawat isa sa kanila ay tumanggap din ng *cash prizes*, Mga Likha Ni Inay at BotiCARD *gift certificates*, at sertipiko ng pagkilala.

Naging mahalagang bahagi ng programa ang pagbibigay ng isang natatanging gawad na pinangunahan ng mga hurado na sina Dr. Enrique Navarro, G. Efren Cosico, Gng. Laarne Paje, Gng. Pascuala Geñoso at Gng. Irma Nuevo. Natamo ni Jeffrey Albelda ang nasabing natatanging gawad ng CARD, Inc. dahil sa kahanga-hanga niyang dedikasyon sa kaniyang trabaho. Napanatili niyang maging isang epektibong kawani sa kabila ng kaniyang kapansanan dahil sa aksidenteng naranasan.

Nagpaabot naman ng paghanga at pagkilala sa mga kinilalang Natatanging Kawani si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang tagapagtatag at punong tagapamahala ng CARD MRI. Nagpasalamat siya at nasiyahan sa ipinakitang katatagan ng mga kawani na hindi nahadlangan ng pagiging malayo sa pamilya at sa halip ay naging inspirasyon at motibasyon pa nila ito upang mas mapabuti pa ang kanilang trabaho. Layunin ng parangal na ito na magsilbing inspirasyon ang mga hinirang na natatanging kawani sa iba pang mga kawani ng CARD MRI upang mas mapabuti ang kanilang tungkulin.

Ang Natatanging Kawani Awards ay ang pagkilala at pagpaparangal sa mahuhusay na kawani ng CARD MRI. Nagsimula ito taong 2013 at hanggang ngayon ay nagpapatuloy pa rin para sa layunin nitong mas mahikayat ang mga kawani na maging inspirasyon at paghusayan pa ang kanilang trabaho hindi lamang para sa kanilang sarili, kundi pati sa marami pang miyembro at pamilyang nais matulungan ng CARD MRI.

May kakilala ka bang katulad nila?

Natatanging Kawani Awards 2016

Hirangin ang Natatanging Kawani sa iyong Unit.

*Naglabas ng bagong patakaran at alituntunin ang Community Development Group ukol sa pagpili ng inyong natatanging kawani.*

*Basahin ang Memorandum COMDEV-2016-011. Para sa inyong patnubay.*

# Kauna-unahang sangay ng RBI sa Visayas, binuksan

ni **ARACELI REAS**

Nagbukas ng kauna-unahang sangay sa Visayas ang Rizal Bank, Inc. (RBI), isang *microfinance-oriented rural bank* at isa sa mga institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), sa Dumaguete City noong ika-4 ng Abril 2016. Nilalayon nitong magkaroon ng pormal na *access* sa pagbabangko ang mga miyembro nito kung saan maaari nilang gamitin ang kanilang *savings* para makabili ng *share of stock.*

Sinabi ni Flordeliza L. Sarmiento, presidente ng RBI, "Ang RBI Branch sa Dumaguete ang tutupad sa mga ipinangako ng CARD MRI na ang mga miyembro nito ang magmamay-ari ng bangko." Alinsunod ito sa patakaran ng CARD MRI na ang mga kasapi nito ay maaaring bumili ng *share of stock* kung sila ay mahigit tatlong taon nang miyembro at may naitalang *100% rate* sa pagbabayad ng *loan* sa bangko.



*Nagbigay ng mensahe ang presidente ng Rizal Bank, Inc. na si Flordeliza Sarmiento sa mga dumalo sa pagbubukas ng kauna-unahang sangay ng RBI sa Visayas sa Dumaguete.*

Idinagdag pa ni Sarmiento na ang *transitioning* o paglilipat ng mahuhusay na miyembro ng CARD, Inc. sa Sibulan, Tanjay, San Jose at Pamplona ay bahagi ng pagpapalawig ng nasabing bangko para mabuksan ang mas malawak na oportunidad para sa mga miyembro nito. "Sa paglipat nila sa RBI, maaari nilang mapakinabangan ang iba't ibang *financial* at *non-financial* na

▸ 3

## EDUKASYON

# Mga iskolar ng CARD MRI sa Mindanao nagsama-sama sa Pagbulas

ni **RAFFY ANTES**



*Nagsama-sama ang mga CARD MRI Scholar sa isang pagtitipong tinatawag na Pagbulas na naglalayong maihanda ang mga kabataan sa isang maayos na kinabukasan.*

**Tagum City**– Pitumpu't dalawang iskolar ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang *social development organization*, mula sa iba't ibang probinsiya sa Mindanao ang nagsama-sama para sa tatlong araw na *youth summit* na tinatawag na Pagbulas o paggising.

Ayon kay Marilyn M. Manila, direktor ng CARD MRI Community Development Group, tinututukan ngayong taon ang pamumuno o *leadership* sa pagnanais na matuklasan at mahasa pa ang kakayahan ng mga iskolar para sa kamalayang panlipunan at pagsasaayos ng komunidad.

Ang Pagbulas ang taunang pagtitipon ng mga iskolar ng CARD MRI na nagsimula pa noong 2012. Ito na ang panlimang Pagbulas na isinagawa ng CARD MRI. Ayon pa rin kay Manila, una itong pinasimulan bilang "Merienda Cena" noong 2004 para sa pinakaunang pangkat ng mga nagsipagtapos na iskolar sa ilalim ng CARD Scholarship Program (CSP). Aniya, kanila ring binuksan ang pagtitipon para sa mga papasok na *junior* at *senior college scholars* na naging daan naman sa pagkakatatag ng Pagbulas.

Sa mismong pagtitipong ito, nagkaroon ng pagkakataon ang mga iskolar na makipag-ugnayan sa Founder at Managing Director ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip. Ayon kay Dr. Alip, malapit sa kaniyang puso ang mga iskolar ng CARD MRI. Dagdag pa niya na ang pagkakatatag ng kanilang mga programang pang-edukasyon ay isang pagkilala na ang *microfinance*, kasama na ang *community development programs* tulad ng edukasyon, kalusugan, at iba pang serbisyong lilinang sa kakayahan, kapag pinagsama-sama ay pinakamainam na kasangkapan upang masugpo ang kahirapan.

Hinamon ni Dr. Alip ang mga iskolar at sinabing sila ang magpapasiya sa magiging kinabukasan ng CARD MRI.

Si Christian Lauron, partner sa SGV & Co ay nagbahagi rin sa mga iskolar tungkol sa edukasyon at kaalaman pagdating sa pinansiyal na aspeto. Kaniyang binigyang-diin ang kahalagahan ng oras at pagbibigay. Ayon sa kaniya, ang oras ay mas mahalaga pa sa pera; paglaanan ng oras ang pamilya at komunidad.

Naging panauhin din sa pagtitipon sina Dr. Josephine Fadul ng Department of Education (DepEd) Tagum City na nagbahagi ng tungkol sa K+12 Program, G. Julius Gutierrez ng National Youth Commission-Davao Chapter na nagbahagi ng tungkol sa *youth awareness and advocacy*, Dr. Sharon Mazanilla na nagbigay ng inspirasyon sa mga iskolar at nagpaintindi ng kanilang mga pangarap, at si Dr. Edmund Centeno ng UP Los Baños na nagproseso ng pangkalahatang kaalaman ng mga iskolar.

Pagtitipon-tipon ng mga mahuhusay at talentado ang Pagbulas V. Sa kabila ng pagkakaiba, ayon kay Kalph John Masing, BS Accountancy sa Assumption College of Nabunturan, nagawa nilang magtrabaho nang sama-sama habang nagsasaya. Siyam na taon ng miyembro ng CARD ang ina ni Kalph John.

Simula pa noong taong 2000, nagkaloob na ng *scholarships* at suporta sa edukasyon ang CARD MRI sa mga miyembro nito at sa kanilang mga anak na nasa sekondarya at kolehiyo na kwalipikado sa programang CSP. Ang CSP ay nasa ika-17 *batch* na ng mga iskolar at may higit sa 7,000 iskolar na ang sinusuportahan sa hayskul at kolehiyo. Sa Mindanao, sinusuportahan ng CARD MRI ang nasa higit sa 1,000 iskolar.

Pinasalamatan naman ni Lumin Petallo, isa sa mga dumalo, ang CARD dahil sa pagbibigay sa kaniya ng pagkakataong makapagtapos ng pag-aaral sa ilalim ng programang Balik Eskwela. Nagtapos si Petallo sa Northern Mindanao Colleges ng kursong Bachelor of Science in Elementary Education. Sa ngayon, naghihintay siya na makakuha at makapasa sa *licensure examination* para sa mga guro sa darating na Setyembre 2016. Si Petalla ay isang ina at miyembro ng CARD sa loob ng walong taon.

Ang ikaanim na yugto ng Pagbulas sa susunod na taon ay naglalayong pagsama-samahin ang mga iskolar ng CARD MRI mula sa Visayas.

## CMDI, nagbukas... ◂ 1

Affairs and Research Dr. Enrique Navarro.

Sa isang panayam sa telepono kay G. Christian Sandoval, ang CMDI Tagum City Campus School Administrator, "Ang lahat ng mag-aaral na nakatala sa CMDI ay mabibigyan ng oportunidad na masalihan ang lahat ng programang pangkaunlaran ng CARD MRI bilang bahagi ng kanilang kurikulum." Idinagdag din niya na ito ay isang kapana-panabik na karanasan para sa CMDI bilang bagong hakbang ng kanilang institusyon upang matulungan ang CARD MRI na masugpo ang kahirapan sa bansa.

"Nais matiyak ng CARD MRI, sa pamamagitan ng CMDI, na sa bawat pamilyang aming pinagseserbisyuhan, hindi bababa sa isa sa kanilang miyembro ng pamilya ang makapagtatapos ng pag-aaral upang matulungan silang makaahon sa kahirapan. Ang pagbubukas ng *Senior High School* ng CMDI ay bahagi ng aming programang One Family, One Graduate," ani CARD MRI Founder at Managing Director Dr. Jaime Aristotle B. Alip. Sa araw ng pagbubukas, may kabuuang 148 mag-aaral na nakatala sa CMDI – 95 sa CMDI Bay Campus at 53 sa CMDI Tagum City Campus.

Patuloy na umaasa ang CARD MRI na makatutulong ang ganitong klase ng programa sa pagpapabuti ng sistema ng edukasyon sa bansa. Ang mga makapagtatapos ng *Senior High School* sa CMDI ay magkakaroon ng pagkakataong makapagtrabaho sa CARD MRI o makapagpatuloy ng kolehiyo sa CMDI.

Nagsimula ang CMDI bilang isang yunit ng pagsasanay ng CARD noong 1984. Hindi lamang ito nag-aalok ng *Senior High School,* mayroon din itong Bachelor of Science in Entrepreneurship with Specialization in Microfinance at ito ay isang *accredited provider and assessment center* para sa Microfinance Technology NC II ng TESDA.

## Kauna-unahang sangay ng RBI... ◂ 2

benepisyo," saad niya. Binigyang-diin din niya na sa pagkakaroon ng sangay nito sa Dumaguete, magkakaroon nang mas malawak na pagkakataon ang bangko na madagdagan ang mga kasapi nito, makapagbigay nang mas mataas na pautang para sa iba't ibang negosyo, at makahikayat nang mas maraming tao na mag-impok.

Ayon naman kay CARD, Inc. Executive Director Elma B. Valenzuela, tumututok ngayon sa mahihirap at liblib na lugar ng Visayas at iba pang bahagi ng bansa ang CARD, Inc. upang makapagbigay pa ito ng mas marami pang *microfinance products* at serbisyo na magpapalago sa mga negosyo ng mga kasapi nito.

Isa sa mga miyembro ng RBI na si Jonah Flores ang nagbahagi ng kaniyang karanasan sa pagiging *stockholder*, "Ako ay isang CARD *stockholder* at masaya ako sa mga benepisyong ibinibigay ng CARD. Nagsimula ako sa pag-aalaga ng baboy at ngayon ay pinasok na rin ang pagtatanim ng mga gulay. Sa paglipat ko sa RBI, natugunan ang aming pangangailangan na higit pa sa aming inaasahan," ani Flores.

Halos may 100,000 miyembro at walong sangay na sa Luzon ang RBI. Kasama ang iba pang institusyon ng CARD MRI, naglalayon itong alisin ang kahirapan at tulungan ang mahihirap na pamilyang Pilipino. Magbubukas pa ito nang mas marami pang sangay sa Negros Oriental bilang pagsuporta sa 5-8-40 strategy ng CARD MRI kung saan sa loob ng limang taon simula 2016, maaabot nito ang walong milyong miyembro na mabibigyan ng iba't ibang benepisyo at magbibigay seguro sa halos 40 milyong indibidwal sa bansa.

EDITORYAL

# One Family, One Graduate

Ayon sa Department of Education (DepEd), sa taong 2017 pa magiging lubusang handa sa K+12 Program ang 5,965 na pampublikong paaralan sa Pilipinas. Bagaman maraming *standalone schools* na ang itinayo bilang paghahanda sa pagpasok ng mga estudyante sa Grade 11 at 12, marami pa ring mag-aaral galing sa pampublikong paaralan ang napipilitang lumipat sa pribadong paaralan upang ipagpatuloy ang kanilang edukasyon.

Dahil dito, nilayong bigyang solusyon ng CARD-MRI Development Institute (CMDI), Inc. ang pangangailangan ng mga pamilyang nais mapag-aral ang kanilang anak sa dekalidad na paaralan at sa abot-kayang halaga sa pamamagitan ng pagtatayo ng sarili nitong *Senior High Schools* sa Bay, Laguna at Tagum City, Davao. Ito ang tugon sa bagong programa ng CARD MRI na tinatawag na "One Family, One Graduate." Nilalayon ng programang ito na magkaroon ng isang miyembrong nakapagtapos ng kolehiyo ang bawat pamilya upang maiahon sila sa kahirapan.

**K+12 Program**

Ang K+12 Program ng Department of Education ay naglalayong mas patatagin pa ang *primary education*, gawing akma at nauukol ang mga aralin sa buhay ng mga estudyante, sanayin sila sa paggamit ng sariling wika, at ihanda ang mga mag-aaral sa mga hamon ng buhay.

Sa kabuuan, mayroong apat na *tracks* na maaaring pagpilian ang mga estudyante ng *Senior High.* Ito ay ang *Academic, Technical-Vocational-Livelihood (TVL), Sports,* at *Arts and Design*.

Sa ilalim ng *academic track* ay mayroong apat na *strands* na maaaring pagpilian ng mga mag-aaral. Ito ay ang mga sumusunod: *Accountancy, Business, and Management* (ABM); *Humanities, Education, and Social Sciences* (HESS); *Science, Technology, Engineering, and Mathematics* (STEM); at *General Academics Strand* (GAS). Samantala, ang mga *strands* naman sa ilalim ng TVL ay ang *Agri-fishery Arts, Home Economics, Information and Communications Technology* (ICT), at *Industrial Arts.*

Kaakibat nito, ang dalawang *Senior High Schools* ng CMDI ay dalubhasa sa ABM habang ang *computer programing strand* ay ibinibigay lamang sa Laguna. Ang *microfinance* naman na bagong *strand* ng *Home Economics* ay ibinibigay lamang sa Davao.




**Edukasyon ang Solusyon**

Bago pa man ito magsimula, naging malaking usapin ang pagpapatupad ng K+12 Program sa Pilipinas. Maraming kritiko ang nagsasabing magdudulot lamang ito ng *financial strain* sa mga mahihirap na pamilya na hindi kayang papasukin ang kanilang mga anak sa pribadong paaralan dahil sa kakulangan sa silid-aralan sa mga pampublikong paaralan. Milyon-milyong kabataan umano ang mapipilitang itigil ang kanilang pag-aaral dahil sa problemang ito kung kaya't pinangangambahang tataas pa ang bilang ng mga *out-of-school youth* sa Pilipinas.

Upang matugunan ang problemang ito, inilunsad ng DepEd ang *voucher program* kung saan magbibigay sila ng PHP 17,500.00 kada taon sa bawat mahirap na estudyanteng gustong mag-aral ng *Senior High* sa *non-DepEd schools.*

Sa kabilang dako naman, nagbukas ang CARD MRI ng alternatibong solusyon at iyon ay ang pagpapatayo ng sarili nitong *Senior High Schools* sa Bay, Laguna at Tagum City, Davao. Masasabing malaking tulong ito sa pamilya ng 143 estudyanteng nag-aaral sa *Senior High Schools* ng CARD MRI dahil bukod sa dekalidad na edukasyon ay higit na mababa ang kanilang binabayarang *tuition fee* kung ikukumpara sa mga pribadong paaralan. Ang programang ito ay patunay na tapat sa layunin ang CARD MRI na paglingkuran ang pamilyang Pilipino na maiangat ang sarili mula sa kahirapan.


SULONG!
Editorial Board

**Dr. Edmund Centeno**
*Editor-in-Chief*

**Dr. Jaime Aristotle Alip**
**Marilyn Manila**
*Editorial Advisers*

**Cleofe Figuracion**
*Managing Editor*

**Cyrene Grace Lubigan**
*Associate Editor*

**Raffy Antes**
**Jeffrey Tandingan**
**Araceli Reas**
*Writers*

**Mharra Sarmiento**
**Rica May de Chavez**
*Contributors*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.corpcomm@gmail.com o corpcomm@cardbankph.com.

**CARD MRI Head Office**
20 M.L. Quezon St., City Subdivision,
San Pablo City, Laguna

**CARD Mutually Reinforcing Institutions**
Official Facebook page


## REPLEKSYON

ni **MHARRA SARMIENTO**

### Tama o Mali

Ano nga ba ang tama?
Ang tama ba sa akin ay tama sa iyo?
Ang tama ba sa iyo ay tama sa akin?
Kadalasan, malalaman mong tama ka kung wala kang taong nasasaktan.
Ngunit hindi maiiwasan na minsan ang paggawa ng tama ay nakasasakit din.

Ang mali sa iyo ay tama sa akin.
Ang mali sa akin ay tama sa iyo.
Kadalasan ang mali ay nakasasakit ngunit minsan ay may natutuwa kapag may nagawa kang pagkakamali.

Dalawang salita na mahirap timbangin. Dalawang salita na minsan nakalilito. Di mo malaman kung saan ka ba tataya. Sa kabila ng lahat, kung sa tingin mong iyon ang nararapat kailangan mong magdesisyon at manindigan, tama man ito o mali.

### Halaga

Minsan ba naisip mo kung bakit ka nabubuhay? Kung bakit ka ipinanganak? Kung bakit hanggang ngayon ay narito ka pa sa mundo?

May mga taong bata pa lamang sila, alam na nila agad ang kanilang halaga. May plano na sila sa kanilang buhay. Alam na nila ang sunod-sunod na dapat nilang gawin hanggang matapos nila ang kanilang misyon.

Ngunit, marami sa atin ang nalilito. Marami ang naguguluhan. Madalas naliligaw sa kahahanap ng daan. Pilit nating minamadaling makarating sa dulo. Nakakalimutan na natin ang mahahalagang bagay.

Ang mga nakasalubong natin sa daan, ang mga naranasan nating pagsubok habang naglalakbay, ang mga taong nakasama natin, ang malulungkot at masasayang karanasan, ang mga bagay na ito ang nagpapatibay sa atin upang sa pagdating natin sa dulo ay mas maging handa tayo at masabi nating karapat-dapat tayo na narito.

# Mensahe mula sa Tagapagtatag at Tagapamahala ng CARD MRI



Dr. Jaime Aristotle B. Alip

Libro, papel, lapis, kwaderno, bolpen, at matrikula – iyan ang ilan sa mga kinakailangan sa pag-aaral ng ilan nating kababayan lalo't higit ang ating kabataan. Maraming kailangang paghahanda para makapasok sa eskwelahan. Hindi madali ang araw-araw na paggising ng maaga upang makapasok sa paaralan lalo na kung walang mapagkukunan ng perang pambayad ng matrikula, pambili ng gamit, kulang ang pamasahe, at walang laman ang tiyan. Kung kaya't marami sa atin ang pinipili na lamang na huwag nang ipagpatuloy ang pag-aaral dahil sa kakapusan sa pinansyal. Iyan ang aking nakitang balakid sa pagtamo ng kumpletong edukasyon – ang kahirapan.

Halos lahat sa atin ay nagnanais makapagtapos ng pag-aaral sapagkat ito ang magbibigay ng mas maraming oportunidad at mas magandang kinabukasan sa bawat isa hindi lamang sa sariling pag-unlad ngunit maging sa kanilang pamilya. Sa tuwing makakahalubilo ko ang ilang kabataang tumigil sa pag-aaral sanhi ng kahirapan, ramdam ko ang pagnanais nilang makapasok muli sa eskwelahan at ipagpatuloy ang kanilang pangarap.

Dati pa man ay sumusuporta na ang CARD MRI sa programang pang-edukasyon dahil nakita namin ang kahalagahan nito upang mabawasan ang kahirapan. Sa aming hangaring makatulong, nagbukas na rin kami ng *Senior High School* na magbibigay ng dekalidad na edukasyon sa ating mga papasok na estudyante sa ika-11 baytang sa murang halaga. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng *scholarship* at iba pang serbisyong pinansyal, nais naming matulungan ang mga naghahangad na tuparin ang kanilang mga pangarap. Batid namin ang kahalagahan ng edukasyon sa bawat isa kaya naman 16 na taon na ang pagbibigay ng *scholarship* sa mga miyembro ng CARD na nagsusumikap na makaalis sa kahirapan sa pamamagitan ng pag-aaral.

Kaunlaran ang dulot ng edukasyon sa atin sapagkat ang mga natututuhan at natutuklasan sa paaralan ang siyang magsisilbing sandata natin sa pagharap sa mga pagsubok at sa pagtupad ng mga mithiin natin sa buhay. Ito ang magbubukas sa ating isipan na laging may pag-asa at maliwanag na kinabukasan ang mga taong hindi sumusuko sa hamon ng buhay bagkus naghahanap ng paraan upang malagpasan ito.

Kung ang lahat ng kabataan ay mag-aaral ng mabuti upang maiahon ang kanilang pamumuhay, malaki ang maidudulot nitong kaginhawaan sa Pilipinas. Ito ang unang hakbang sa pag-ahon ng ating bansa sa kahirapan.

Nais kong ibahagi sa lahat ang kahalagahan ng pagtatapos sa pag-aaral. Hindi lamang ito naglalarawan sa ating kahahantungan sa hinaharap, nagbibigay rin ito ng marka ng kahusayan at karangalan na ikaw ay kasama ng CARD sa pag-aahon ng Pilipinas sa kahirapan. Nawa'y umukit sa ating puso at isipan ang mabuting dulot ng edukasyon dahil ang pag-ahon ng ating bansa ay nasa balikat ng mga edukado at marangal na Pilipino.

## Ika-71 sangay ng CARD Bank... ◂1

niya, ang mga anak ng mga miyembro ng CARD Bank ang susunod na magiging *stockholders* nito. Bata pa lamang, binibigyan na ang mga anak ng miyembro ng CARD Bank ng edukasyong pampinansyal sa pamamagitan ng CARDEEskwela na isinasagawa sa iba't ibang sulok ng bansa upang ihanda ang mga kabataan, partikular ang mga batang may edad 6 hanggang 12 taon, na mag-impok para sa kanilang kinabukasan.

Ayon kay Lany Pladin, miyembro ng CARD Bank sa loob ng walong taon at kasalukuyang *stockholder*, ipinagmamalaki niya ang pagbubukas ng sangay ng CARD Bank sa Boracay. Bilang isang *stockholder*, kapwa may-ari ng bangko si Lany at nakatatanggap ng karagdagang benepisyo tulad ng dibidendo at iba pang ibinibigay ng CARD Bank taon-taon. Hinimok niya ang kaniyang kapamilya na sumapi na rin sa CARD Bank upang makatanggap ng mga benepisyong tulad ng natatanggap niya.

Bago magbukas ang sangay ng CARD Bank sa Boracay, ang mga miyembro nito ay bumabiyahe pa ng dalawa hanggang tatlong oras upang marating ang CARD Bank Culasi *Branch*, ang pinakamalapit na sangay nito.

Ang pagbubukas ng sangay ng CARD Bank ay dinaluhan ng mga miyembro ng *executive* at *management committee* ng CARD Bank at iba pang kabahaging institusyon ng CARD MRI gayundin ng mga miyembro na taga-Boracay. Ipinakilala rin ang mga empleyado ng sangay at agad nagsimula ang mga transaksyon pagkatapos ng maikling programa.

Tinatayang 10,500 miyembro ng CARD Bank Culasi *Branch* na naninirahan sa Malay, Nabas, Ibajay, Caticlan, Boracay, at San Jose sa Romblon ang maaari nang makipagtransaksyon sa Boracay *Branch*. Inaasahang mapabibilis nito ang mga transaksyon ng mga miyembro.

Lahat ng walong sangay ng CARD Bank sa isla ng Panay na matatagpuan sa Iloilo, Roxas, Miag-ao, Passi, Estancia, San Jose sa Antique, Culasi, at Boracay ay naglilingkod na sa higit 180,000 kliyente. May operasyon sa buong bansa ang CARD Bank na naghahatid ng serbisyo sa tinatayang 1.8 milyong kliyente na humihiram at nag-iimpok sa bangko.

Nakikita ni Dr. Jaime Aristotle Alip, ang Founder at Managing Director ng CARD MRI, na lalaya ang bansa mula sa kahirapan sa pamamagitan ng *financial inclusive programs* at mga serbisyong ipinatutupad kasabay ng *community development programs*. Ang CARD MRI, na tinatayang may 3.5 milyong miyembro sa buong bansa ay naglalayong palakihin pa sa 8 milyon ang bilang ng mga miyembro nito sa susunod na limang taon, na magseseguro ng 40 milyong indibidwal sa pamamagitan ng mga kompanya ng *microinsurance* nito.







## Mga kliyente ng CARD... ◂1

mayroong negosyong *landscaping* at miyembro ng CARD sa loob ng 16 na taon. Ang iba pang kliyente ng CARD na naging panauhin sa programa ay may mga negosyong *furniture making, tour guiding, embroidery, footwear* at paggawa ng mga kendi. Ibinahagi nila ang kanilang pag-unlad at tagumpay sa himpapawid.

Ipinagpapatuloy ng CARD MRI ang lingguhang pagtatampok ng mga kliyente sa K2D2 upang matulungan pa ang kanilang mga kliyente na maipakilala ang kanilang negosyo at makapagbigay-inspirasyon sa kanilang mga tagapakinig. Bukod pa sa negosyo at pangkabuhayan, tinatalakay rin ng CARD MRI ang kalusugan at edukasyon bilang bahagi ng *community development programs* nito sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran.

Sina Robert Maico, Sol Luzano, Zen Trinidad, at Saul Pa-a mula sa PNA ang mga *host* ng nasabing programa.

Isang *social development organization* ang CARD MRI na naglilingkod sa mahigit 3.6 milyong pamilya sa pamamagitan ng serbisyong pinansiyal at iba pang programang naglalayong mapabuti ang kalidad ng kanilang pamumuhay.

# Conference para sa micro and small entrepreneurs ginanap sa Cagayan de Oro

ni **CLEOFE FIGURACION**




*Nagsagawa ng Mga Likha ni Inay Summit ang CARD MRI upang matulungan ang mga miyembrong microentrepreneurs nito na mapaunlad ang kani-kanilang negosyo.*

**Cagayan de Oro** – Ginanap kamakailan ang pinakaunang bahagi ng Mga Likha ni Inay (MLNI) Summit na may temang "*Building Inclusive and Innovative Enterprises*" sa Cagayan de Oro. Ang MLNI ay ang ika-14 na institusyon at *marketing arm* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI).

Nasa 60 *micro and small entrepreneurs* mula sa iba't ibang lungsod at munisipalidad sa Luzon, Visayas, at Mindanao ang dumalo upang matuto at magkaroon ng koneksiyon sa iba pang miyembro ng CARD MRI, kasama ang mga *panelist* at *speaker* sa nasabing komperensiya.

Nagbigay ng mensahe ang may-ari ng Leather Collection na si Gng. Yoling Sevilla. Ibinahagi niya ang kaniyang paglalakbay sa patuloy na pagbabago na nakatulong sa paglago ng negosyo ng kaniyang pamilya. Ayon sa kaniya, ang pagkakaroon ng *feedback mechanism* at pagsasaliksik upang mas pagandahin pa ang mga produkto ay mahalaga upang mapasok ang mas malawak na merkado.

Nagbahagi rin ang tatlong *panelist* na sina Bb. Esther Shiela Vitto, miyembro ng CARD Bank at may-ari ng Bahag Footwear, Bb. Lolita Cabanlet, may-ari ng Handmade Paper Crafts, at Bb. Juvenal Fernandez kung paano nila pinamahalaan at napalago ang kani-kanilang negosyo.

Naging daan din ang pagtitipong ito para sa mga pribadong indibidwal, mga kompanya, at mga ahensya ng gobyerno katulad ng Department of Science and Technology (DOST), Department of Trade and Industry (DTI), at Food and Drug Administration (FDA) na magsama-sama sa pagtulong sa *micro* and *small entrepreneurs* na matutuhan ang *product branding* at *marketing*, kasama na ang *packaging* at *labeling*, pagpaparehistro, at pagpapalisensya ng kanilang mga negosyo at produkto.

Upang mas lalo pang bigyang buhay ang pagtitipon, nagpalabas ang MLNI ng isang *mini-fashion show* kung saan itinampok ang mga produkto ng mga miyembro ng CARD MRI tulad ng mga damit mula sa Lumban, T'nalak, at *loom fabrics*, kasama na ang mga aksesorya at bag. Ang mga ito ay isinuot at iminodelo ng mga kawani ng CARD at mga anak ng mga kliyente ng CARD MRI mula sa Cagayan de Oro.

Nagkaroon din ang mga dumalo ng pagkakataong libutin ang Northern Mindanao Innovation Center sa Mindanao University of Science and Technology upang makita ang mga makina at pagbabago sa *food development, packaging, labeling*, at *testing*.

Ang mga produkto na dinala ng mga dumalo ay itinampok din at ibinenta sa mismong pagdiriwang sa tulong na rin ng mga kawani ng CARD.

Naglalayon ang nasabing pagtitipon na palakasin pa ang mga miyembrong *micro and small entrepreneur* ng CARD MRI. Hangarin nitong mabigyan sila nang sapat na kaalaman at kakayahan sa pamamahala na kinakailangan sa pagbuo at pagpapalago ng kani-kanilang mga negosyo. Magsisilbi rin itong tulay para sa mga miyembro na makapagtatag ng ugnayan sa iba pang *micro and small entrepreneurs* na lumahok din sa komperensiya.

Si Gng. Criselda Catalon, kalahok mula sa Agusan del Sur at nagtapos sa ilalim ng CARD OFW Foundation (Hong Kong), at ngayon ay nananatili na sa bansa, ay nagpahiwatig ng kasiyahan sa pagkakapili niya sa pagtitipon. Ayon sa kaniya, ang mga natutuhan niya sa CARD *financial literacy programs* sa Hong Kong ay napagyaman pa sa pamamagitan ng MLNI Summit. Dagdag niya, lalo pang napaunlad ang kaniyang kaalaman sa kung paano pa mas mapabubuti at mapapaganda ang kaniyang negosyo. Aniya, nahimok siya hindi lamang ng mga tagapagsalita kundi pati na rin ng iba pang mga negosyanteng naroon na siyasatin ang iba pang posibleng negosyo sa kaniyang kinalakihang lugar.

Magsasagawa pa ang CARD ng mga panibagong komperensiya ngayong taon upang palakasin ang mas maraming *micro and small entrepreneurs* sa bansa, isang hakbang upang makatulong na labanan ang kahirapan sa bansa.

# 27,000 kliyente ng CARD sa Timog Mindanao naapektuhan ng El Niño; tulong bumuhos

ni **RAFFY ANTES**

Naitala ng Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc., isang *social development organization* na nakabase sa San Pablo City, Laguna, ang tinatayang nasa 27,000 o 45 porsiyento ng kanilang mga kliyente sa katimugang bahagi ng Mindanao ang matinding naapektuhan ng El Niño. Naging agaran naman ang pagbibigay ng ayuda at *calamity loans* para rito.

"Karamihan sa mga kliyente sa Mindanao ay kabilang sa negosyong pang-agrikultura, kaya naman isa sila sa mga matinding tinamaan ng epekto ng El Niño," ayon kay Alvin Villamena, CARD, Inc. Cluster Head sa Mindanao.

Ayon sa Climate Monitoring and Prediction Section ng PAGASA, ang Mindanao ang mas nakararamdam ng matinding epekto ng El Niño dahil sa lapit nito sa ekwador.

"Sa buong buhay ko, ang El Niño sa taong ito ang pinakamatinding naranasan ko. Sa loob ng isang araw, isang beses lamang kami nakakakain ng kanin at sa mga natitirang oras ng pagkain, mga bungangkahoy, madalas pa ay kamoteng kahoy ang kinakain namin," pagsasalaysay ni Gng. Floresita Segunla, 64 na taong gulang.

Si Gng. Segunla ay pitong taon nang miyembro ng CARD, Inc. sa Sto. Niño, South Cotabato. Ang pagtitinda ng kakanin ang kaniyang ikinabubuhay katuwang ang mga puno ng niyog na nakapaligid sa kaniyang bahay. "Ang mga punong ito ay malaking tulong sa pagkumpleto ng ginagawa kong kakanin pero dahil sa El Niño, hindi na ito namumunga. Dahil dito, nadaragdagan pa ang aking gastos," pahayag ni Gng. Segunla. Kaya naman malaki ang kaniyang pasasalamat sa ayuda na ibinigay ng CARD para sa kaniyang pamilya at sa iba pang miyembro nito sa South Cotabato.


"Hindi ko akalain na may ganitong klaseng suporta ang CARD sa kanilang mga kliyente. Nagkataon din na wala na kaming maihain noong araw na dumating ang *relief goods* mula sa CARD," pagbabahagi pa ni Gng. Segunla.

"Nakasanayan na ng CARD na sa oras ng kalamidad, agaran kaming makatutugon sa mga pangangailangan ng aming mga kliyente," banggit ni Villamena.

Ipinahayag din ni Villamena na ang pangunahing maaaring maitulong ng CARD sa kanilang mga miyembro para makabawi sa epekto ng El Niño ay ang pagbibigay ng ayuda at *calamity loan*. Maaaring bayaran ang *calamity loan* ng *lump sum*, na hindi lalampas ng anim na buwan.

"Ginawa namin itong *lump*

▸ 8



PANGKALUSUGAN

## CARD MRI, ASA Philippines nagsagawa ng community health fairs

ni RAFFY ANTES



*Mahigit isang libo ang naging benepisyaryo sa probinsiya ng Davao del Norte at Davao Oriental sa ginanap na community health day ng CARD MRI at ASA Philippines.*

Humigit-kumulang 1,700 kliyente ng *microfinance* at kanilang mga *dependent*, at mga lokal ng Mati, Davao Oriental, at Davao del Norte ang naabutan ng serbisyong medikal sa Community Health Day (CHD) na isinagawa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) at ASA Philippines.

Sa pagtutulungan ng dalawang nasabing *microfinance institutions* (MFIs) at pakikipag-ugnayan ng *rural health units* (RHU) ng dalawang nabanggit na probinsiya, matagumpay na naisagawa ang serbisyong medikal, *dental*, *pediatric care*, *OB-GYN*, at *laboratory services* para sa mga lokal na residente nito.

Namigay rin ng libreng gamot para sa mga benepisyaryo. Ang BotiCARD Inc., ang parmasya at miyembrong institusyon ng CARD MRI, ang namahala sa pamimigay ng mga gamot sa *health fairs*.

Ayon kay Marilyn M. Manila, Chairperson ng MFIs for Health, ang CHD ay regular ng isinasagawa ng MFIs para sa mga kliyente nito sa buong Pilipinas.

Dagdag pa ni Manila na kanila nang ginagawa ang MFIs for Health katuwang ang iba pang MFIs sa Pilipinas simula 2012. Ang MFIs for Health ay isang samahan ng 21 MFIs sa buong Pilipinas. Naglalayon itong makapaghatid ng serbisyong pangkalusugan sa mga *microfinance client* bilang bahagi ng pag-unlad ng lipunan.

Ayon pa sa kaniya, sa pamamagitan ng MFIs for Health, tuloy-tuloy na ang pagsasagawa ng CHD sa buong bansa at nagtitipon ang iba't ibang miyembro ng *microfinance* at kanilang mga *dependents* para sa libreng serbisyong medikal at *dental*.

Noong taong 2000, idineklara ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang *microfinance* bilang *flagship program* para bawasan ang kahirapan.

Ayon pa rin kay Manila, ang *microfinance* ay itinuturing na instrumento sa pagpuksa ng kahirapan. Higit pa sa *microfinance*, tinitingnan na ng MFIs ang pagbibigay ng serbisyong medikal sa mga kliyente nito dahil ang pagkakaroon nila nang maayos na kalusugan ay mahalaga upang maabot ang pag-unlad at pagbabago.

Dagdag pa niya, nahanap na ng MFIs for Health ang mga

▸ 8

## Bloodletting sa Lucena City

ni JEFF TANDINGAN

Dalawampu't isang *blood donors* ang lumahok sa isinagawang *bloodletting activity* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions sa pakikipagtulungan ng Philippine Red Cross (PRC) Lucena Chapter. Ilang kawani, miyembro at kanilang pamilya mula sa sangay ng CARD Bank sa Lucena ang nagbahagi ng kanilang dugo. "Mas mabuting tumulong sa kapwa mo hangga't kaya mo dahil darating ang panahon na ikaw rin ang mangangailangan ng kanilang tulong,"pagbabahagi ni Gligoric Sanchez, isa sa mga regular na *blood donors* ng PRC. Ang kaniyang asawa na si Anabelle Sanchez na miyembro ng CARD Bank ay naging bahagi rin ng nasabing aktibidad. Ang *bloodletting activity* ay isang regular na gawain ng CARD MRI bilang pagsuporta sa adbokasiya ng PRC na makapagbigay ng ligtas na dugo sa mga nangangailangang indibidwal.




## CARD MRI at PopCom San Pablo, nagsagawa ng orientation tungkol sa Responsible Parenthood

ni JEFF TANDINGAN

Nagsagawa ng isang oryentasyon tungkol sa *responsible parenthood* o mabuting pagmamagulang ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa pakikipagtulungan ng Commission on Population (PopCom) ng San Pablo City at Provincial Chapter nito sa Laguna State Polytechnic University (LSPU) San Pablo City, Laguna noong ika-13 ng Mayo. Kasabay ng aktibidad na ito ay ang libreng medikal at optikal na check-up para sa mga miyembro ng CARD at kanilang mga *dependent*.

Ang CARD MRI at ang PopCom sa pakikipagtulungan ng Friendly Care Foundation ay nagsagawa rin ng *bilateral tubal ligation, intrauterine device (IUD), non-scalp vasectomy* at iba pang serbisyong may kaugnayan sa pagpaplano ng pamilya noong ika-18 ng Mayo sa San Pablo City General Hospital. Mayroon namang *birth control implant method* na isinagawa sa CARD MRI Head Office Clinic sa kaparehong petsa. Ang lahat ng serbisyong medikal at edukasyon patungkol sa *responsible parenthood* ay libre para sa lahat ng miyembro ng CARD.

"Ang pakikipag-ugnayan natin sa Commission on Population ay malaking tulong sa pagmumulat natin sa ating mga kliyente sa kahalagahan ng responsableng pagmamagulang at pagpapamilya. Bahagi ito ng ating adbokasiya na mapabuti ang kalusugan ng mga pamilyang ating pinaglilingkuran," pahayag ni CARD MRI Founder at Managing Director Dr. Jaime Aristotle B. Alip.

Ayon sa Worldometers, pang labindalawa ang Pilipinas sa listahan ng mga bansang may pinakamalalaking populasyon sa buong mundo. Umabot na sa higit 100 milyon ang bilang ng mga Pilipino ayon sa pinakahuling datos. Ang patuloy na pagtaas ng populasyon ay nakaaapekto sa paglala ng kahirapan sa bansa.

"Naniniwala tayo na ang siklo ng kahirapan ay hindi mapapatid kung ang populasyon ay patuloy na tumataas. Sa pamamagitan nang mataas na kaalaman at patuloy na pagpapaalala sa kahalagahan ng pagpaplano ng pamilya, ang pamilyang Pilipino ay mas magiging responsable sa kinabukasan ng kanilang mga anak," ani CARD MRI Community Development Director Marilyn Manila.

Ang pagpaplano ng pamilya ay isang programang nagbibigay responsibilidad sa mag-asawa na magdesisyon sa bilang at agwat ng kanilang pag-aanak batay sa kanilang kakayahan.

Noong nakaraang taon, ang United Nations Population Fund (UNFPA) at CARD MRI ay pumirma sa isang dokumentong naglalayong isama ang programa sa pagpaplano ng pamilya sa mga serbisyong ibinibigay ng CARD MRI. Layunin nito na mapalawak ang kaalaman at maimulat ang mga kliyente ng CARD MRI sa programa upang makagawa sila ng matalinong pagdedesisyon sa pagpaplano ng pamilya. Binibigyang-diin ng CARD MRI ang pagsuporta nito sa responsableng pagpapamilya upang makatulong na mapabuti ang buhay ng milyon-milyong pamilyang pinaglilingkuran nito.

## 27,000 kliyente ng CARD sa Timog Mindanao... ◂ 6

*sum* upang mabigyan ang aming mga miyembro nang sapat na panahon upang makabawi sa kanilang pagkalugi," dagdag ni Villanueva.

Taos-puso rin ang pasasalamat ng pamilya ng isa pang miyembro ng CARD na si Gng. Maria Fe Pilar dahil sa suporta ng CARD. Isa rin sa naapektuhan ng El Niño ang kanilang maliit na lupain na taniman ng mga saging. Kaya naman ang paggawa at pagtitinda ng mga uling ang alternatibong pinagkakakitaan para maitawid ang kanilang pang araw-araw na pangangailangan.

Isang taong miyembro pa lamang si Gng. Pilar ngunit nakatanggap na siya ng mga benepisyo mula sa CARD.

"Tunay ang ibinibigay naming tulong sa lahat ng mga matagal o bago mang miyembro ng CARD," ayon kay Villamena. Dagdag pa niya na plano rin ng CARD na maglaan ng iba pang alternatibong suporta na maihahandog nila sa kanilang mga kliyente.

Ang pagtugon sa mga biktima ng sakuna ay isa sa mga pinagsisikapan na maipaabot ng CARD sa kanilang mga kliyente. Kasama sa programang ito ang pamamahagi ng *relief goods, stress debriefing, health mission,* at madaliang pagbayad ng *claims.*

## CARD MRI, ASA Philippines... ◂ 7

lugar na kailangang maabot para sa mga *health mission* ngayong taon. Kaniya ring pinasalamatan ang mga *local volunteer* na tumulong sa kanila.

Nakapagsagawa na ang MFIs for Health ng 26 na CHD sa buong bansa na nakapagbigay-serbisyo sa 29,153 Pilipino.




# CARD, Saob Cave weavers at ang Hijos de Visayas

ni **ARACELI REAS**



*Binisita ni Dr. Jaime Aristotle Alip at ng kaniyang may bahay na si Gng. Aniceta Alip ang grupo ng kababaihang manghahabi ng Saob Cave na pawang mga miyembro ng CARD.*

Sumusuporta ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa Saob Cave *weavers* ng Basey, Samar sa pamamagitan ng Mga Likha ni Inay (MLNI), Inc., isa sa mga kasaping institusyon ng CARD MRI. Tumutulong ang MLNI na mailapit sa merkado ang produkto ng mga miyembro ng CARD MRI. Kamakailan lamang, inilunsad ng CARD ang isa pang paraan upang tulungan ang mahuhusay na kababaihan ng Samar sa pamamagitan ng *tour program* nito na tinatawag na Hijos de Visayas.

Nagsimula ang *tour program* na ito ng CARD MRI bilang Hijos de San Pablo Tour sa San Pablo City, Laguna kung saan nagsimula ang CARD MRI taong 1986. Pinili ng CARD ang makasaysayang bayan ng Basey, bilang isa sa mga pangunahing destinasyon upang muling ipakilala ang kasaysayan, kultura at mga *microentrepreneur* sa Samar at Leyte.

Ang paghahabi ng banig ay isang industriya sa Basey kung saan ang pangunahing ikinabubuhay ng mga taga rito ay pang-agrikultura. Ang banig na ito ay binubuo ng tikog o *sedge grass*. Masusi nilang hinahabi ang mahihirap na disenyo ng banig. Naging isang tradisyon ang paggawa ng banig sa Saob Cave na isinalin at ipinasa sa sali't saling lahi. Mainam din ang paggawa ng banig sa ilalim ng kweba dahil sa malamig nitong temperatura sapagkat tumitigas ang tikog at madaling maputol kung mainit ang temperatura.

Sa paglipas ng panahon, maaari nang gamitin ang simpleng banig bilang *storage bin, wall decors, ceiling panels,* tsinelas, *bags, throw pillows, framed decors, place mats, furniture mattings, gowns,* at marami pang iba.

Ipinagbibili nila ang kanilang produkto sa iba't ibang bayan sa Eastern Visayas o sa mga pamilihan sa buong Pilipinas. Ibinebenta naman ng iba ang kanilang mga banig nang maramihan sa mga negosyante.

Sa pamamagitan ng bagong programa ng CARD MRI, ang Hijos de Visayas, ang Saob Cave *weavers* ngayon ay may karagdagang pagkakataon upang ipakilala at ibenta ang kanilang mga produkto.

## CARD MBA, nanguna... ◂ 1

*Refund* samantalang ang mga aktibong miyembrong bahagi na ng asosasyon ng sampung (10) taon o higit pa ay makatatanggap naman ng *Loyalty Reward.*

Pahayag ni GM Dawat, "Ang *reward* at *refund benefit,* kahit pa hindi ito taunan dahil nakadepende ito sa kalagayang pinansiyal ng asosasyon, ay mga uri ng benepisyo na ikinasisiya nating ibahagi. Alam natin na nararapat lamang na makuha ng mga miyembro ang nararapat para sa kanila."

Humigit-kumulang 11 milyong indibidwal na sa buong bansa ngayon ang nakaseguro sa CARD MBA sa pamamagitan ng tulong pinansyal sa mga miyembro at mga kapamilya nila. Ang tulong na ito ay sa anyo ng *death benefits, retirement savings, loan redemption assistance*, at pagbibigay ng *extended life insurance benefit* sa nakatatanda.

Ang CARD MBA ay patuloy na magpapatatag at magpapabuti ng mga serbisyo at produktong *microinsurance* nito upang makatulong sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay ng milyon-milyong pamilyang Pilipino.

Ang CARD MBA ay ang *microinsurance arm* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI).